Ano ang Tanggapan ng MARA?

Ang Tanggapan ng MARA ay ang lupong tagapamahala na siyang tumitiyak na ang bagay at tamang mga tao lamang ang aprobado bilang rehistradong ahente ng imigrasyon at nag-iimbestiga ng mga reklamo laban sa mga ahente. Ito ay isang nagsasariling tanggapan na nakaugnay sa Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan (Department of Immigration and Citizenship).

Pagpili ng isang ahente ng imigrasyon

- Ang lahat ng mga rehistradong ahente ng imigrasyon ay mayroong natatanging Rehistradong Numero ng Ahente ng Migrasyon (Migration Agents Registration Number) (MARN).
- Masusuri ninyo kung ang tao ay rehistrado sa pamamagitan ng paghahanap sa website ng Tanggapan ng MARA gamit ang kanilang MARN.
- Ang mga abogado at ahente ng edukasyon ay dapat na rehistrado dito sa Australya bago sila makapagdudulot sa inyo ng tulong sa imigrasyon.
- ***Walang taong makapaggagarantiya na makukuha ninyo ang isang visa – kahit na ang tao ay rehistradong ahente ng imigrasyon.***
- Maliban kung may iksemsyon, ilegal para kaninuman ang pagpapayo tungkol sa imigrasyon dito sa Australya kung hindi sila rehistrado sa Tanggapan ng MARA. Ang listahan ng mga taong may iksemyon ay makikita sa Pormularyong Pagkamamamayan 956 (Citizenship's Form 956) ng Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan.

Mga pabalita at pahiwatig kung gagamit ng isang ahente ng imigrasyon

Ang ahente ninyo ay dapat na:

- bigyan kayo ng kopya ng Impormasyon sa Regulasyon ng Propesyon ng Pang-imigrasyong Pagpapayo (Migration Advice Profession) kapag pumayag na silang kikilos para sa inyo. Makakakuha rin kayo ng kopya sa website ng Tanggapan ng MARA.
- bigyan kayo ng Listahan ng mga Serbisyo kung saan nakasulat ang mga serbisyong sisingilin kayo bago pa kayo magbayad.
- ibalik ang anumang dokumentong pag-aari ninyo sa loob ng 7 araw matapos ninyong hingiin.
- magtago ng mga talaan ng lahat na inyong pakikipag-usap tungkol sa inyong aplikasyon at ng Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan.

Dapat kayong:

- magtago ng inyong mga orihinal na papeles gaya ng pasaporte at tala ng kapanganakan. Ang karamihang mga dokumentong kailangan ng Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan ay maaaring ibigay na mga sertipikadong kopya.
- kumpirmahin ang lahat ng inyong mga diskusyon at pag-uutos sa inyong ahente sa sulat. Kayo ang responsable sa mga impormasyong ibinibigay sa Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan – kahit na ibang tao ang nagsulat ng pormularyo.
- intindihin kung ano pang mga serbisyo ang kasali bilang bahagi ng mga bayad sa ahente. May makukuhang isang listahan ng mga karaniwang binabayaran sa ahente sa website ng Tanggapan ng MARA.
  Tunghayan: https://www.mara.gov.au/Consumer-Information/What-does-it-cost-to-use-an-Agent-/default.aspx

Mga pag-aalinlangan tungkol sa inyong ahente ng imigrasyon

- Tawagan ang Tanggapan ng MARA kung kailangan ninyo ng payo.
- ***Ang pagrereklamo sa Tanggapan ng MARA o Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan ay hindi makakaapekto sa magiging resulta ng inyong aplikasyon sa visa.***
- Ang mga taong hindi rehistrado na nagbibigay tulong tungkol sa imigrasyon sa Australya ay dapat na isumbong sa Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan sa numero 1800 009 623.
- Kung hindi na ninyo kailangang gamitin ang inyong ahente sa imigrasyon, ipaalam sa Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan sa pamamagitan ng pagpupuno sa mga Bahaging B at C ng Form 956.

Karagdagang Impormasyon

Office of the MARA
www.mara.gov.au o kaya 1300 226 272.

Suriin kung ang tao ay rehistrado sa www.mara.gov.au at i-click ang:

Department of Immigration and Citizenship
www.immi.gov.au o kaya 131 881.

Para sa impormasyon sa mga wikang liban sa Ingles, tawagan ang Serbisyo ng Tagasalinwika at Interprete (Translation and Interpreting Service) sa 131 450.